



KIT NG CB NA RADYO NG BOOM! BOX

MGA NILALAMAN NG KIT




Figure 1. Mga Bahagi ng CB na Radyo ng Boom! Box



Talahanayan 1. Mga Bahagi ng CB na Radyo ng Boom! Box

<input checked="" type="checkbox"/>	Item	Qty	Paglalarawan	Part No. (Piyesa Blg.)	Mga tala
<input type="checkbox"/>	1	2	Keps™ nut	7838	
<input type="checkbox"/>	2	1	Mounting bracket	57000247	
<input type="checkbox"/>	3	3	Turnilyo	2478	2,8–4 N·m (25–35 in-lbs)
<input type="checkbox"/>	4	1	CB na Modyul	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay	
<input type="checkbox"/>	5	3	Washer	6716	Para sa mga modelong may fairing na nakakabit sa fork lamang

TALA

Tiyakin na lahat ng nilalaman ay nasa kit bago magkabit o magtanggag ng mga item mula sa sasakyan.

TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

PANGKALAHATAN

Numero ng Kit

76000486A

Mga Modelo

Para sa impormasyon tungkol sa pagiging sukat sa modelo, tingnan ang P&A Retail Catalog o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (English lamang).

Bisitahin ang <https://serviceinfo.harley-davidson.com> para sa pinakabagong pahina ng tagubilin.

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

Mga Kinakailangan sa Pagkabit

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

Ang mga item na ito ay makukuha sa iyong lokal na dealership ng Harley-Davidson.

- **2014 at mga mas bagong Touring at Trike na modelo:** Kinakailangan ang hiwalay na pagbili ng CB na antenna (Piyesa Blg. 76250-09 o 76386-09A) para sa pagkabit na ito.

- **2014-2018 na mga Touring at Trike na modelo na walang PTT button:** Kinakailangan ang hiwalay na pagbili ng modyul ng kontrol ng kanang kamay (Piyesa Blg. 71500130C) para sa pagkabit na ito.

Kinakailangan ang pag-update ng software ng radyo pagkatapos ikabit ang CB na modyul para gumana nang maayos ang sistema. Magpunta sa isang dealer ng Harley-Davidson.

Muling gagamitin ng mga 2019 at mga mas bagong Trike na modelo ang Orihinal na Kagamitan (OE) Hazard/Start/Reverse cap sa bagong kontrol ng kamay.

Overload sa Kuryente

PAUNAWA

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

▲ BABALA

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

Ang CB na Radyo ay nangangailangan ng hanggang 2.0 na Amp na karagdagang kuryente mula sa elektrikal na sistema.

MAGHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

1. Tanggalin ang pangunahing fuse. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. Tanggalin ang panlabas na fairing. Tingnan ang manwal ng serbisyo.

PAGKAKABIT

Fairing na Nakakabit sa Fork:

1. Tingnan ang Figure 2 . Ihanay ang butas (3) sa mounting bracket (5) na may anti-rotation boss (4).
2. Ikabit ang mga turnilyo (2). Higpitan.
Torque: 2,8–4 N·m (25–35 in-lbs)
3. Ikabit ang CB na modyul (1) sa bracket (5).
4. Ikabit ang turnilyo (6). Higpitan.
Torque: 2,8–4 N·m (25–35 in-lbs)
5. Tingnan ang Figure 3 . Ikonekta ang 12-place na housing ng socket sa CB [184] (1).




Figure 2. Ikabit ang CB na Modyul: Fairing na Nakakabit sa Fork




Figure 3. Mga Pangkonekta ng Panloob na Harness ng Fairing

Fairing na Nakakabit sa Frame:

1. Tingnan ang Figure 4 . Ikabit ang pinagkakabitang bracket (2).
2. Ikabit ang mga turnilyo (1) at nut (6). Higpitan.
Torque: 2,8–4 N·m (25–35 in-lbs)
3. Ikabit ang CB na modyul (5) sa bracket (2).
4. Ikabit ang mga washer (3) sa pagitan ng CB na modyul (5) at bracket (2).
5. Ikabit ang turnilyo (4). Higpitan.
Torque: 2,8–4 N·m (25–35 in-lbs)
6. Tingnan ang Figure 5 . Ikonekta ang 12-place na housing ng socket sa CB [184] (1).




Figure 4. Ikabit ang CB na Modyul: Fairing na Nakakabit sa Frame




Figure 5. Mga Pangkonekta ng Panloob na Harness ng Fairing

Push-to-Talk (PTT) Button - 2014 hanggang 2018 na mga Modelong Touring at Trike

1. Tingnan ang Figure 6 . Palitan ang modyul ng kontrol ng kanang kamay ng Piyesa Blg. 71500130C. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. Gamitin ang Digital Technician II para mapagana ang software ng radyo. Magtungo sa isang dealer ng Harley Davidson.

Espesyal na Tool: DIGITAL TECHNICIAN II (HD-48650)




Figure 6. 2014 at Mas Bagong Kanang Kontrol (71500130C)

Push-to-Talk (PTT) Button - 2019 at Mga Mas Bagong Modelong Touring at Trike

1. Tanggalin OE ang modyul ng kontrol ng kanang kamay. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. **Ma touring na modelo:** Tingnan ang Figure 7 . Ikabit ang modyul ng kontrol ng kanang kamay Piyesa Blg. 71500130C. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 - a. Kalasin ang switch housing.
 - b. Tingnan ang Figure 6 . Tanggalin ang Info cap (2) mula sa bagong modyul ng kontrol.
 - c. Tingnan ang Figure 7 . Ikabit ang cap ng Senyas ng Pag-atras/Pagliko sa Kanan (5) sa bagong modyul ng kontrol.
 - d. I-assemble ang switch housing.

3. **Mga trike na modelo:** Ikabit ang modyul ng kontrol ng kanang kamay Piyesa Blg. 71500130C. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 - a. Kalasin ang switch housing.
 - b. Tingnan ang Figure 6 . Tanggalin ang Info cap (2) at Hazard/Start cap (1) mula sa bagong modyul ng kontrol.
 - c. Tingnan ang Figure 8 . Tanggalin ang Hazard/Start/Reverse cap (7) mula sa OE modyul ng kontrol.
 - d. Tingnan ang Figure 8 . Ikabit ang cap ng Senyas ng Pag-atras/Pagliko sa Kanan (8) sa bagong modyul ng kontrol.
 - e. Tingnan ang Figure 8 . Ikabit ang Hazard/Start/Reverse cap (7) sa bagong modyul ng kontrol.
 - f. I-assemble ang switch housing.
4. Gamitin ang Digital Technician II para mapagana ang software ng radyo. Magtungo sa isang dealer ng Harley Davidson.

Espesyal na Tool: DIGITAL TECHNICIAN II (HD-48650)




Figure 7. 2019 at Mas Bagong Kontrol sa Kanan na view pagkatapos ng pagpapalit ng Cap ng Switch




Figure 8. 2019 at Mas Bagong Kanang Kontrol ng Trike (OE)

KUMPLETUHIN

1. Ikabit ang panlabas na fairing. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. Ikabit ang pangunahing fuse. Tingnan ang manwal ng serbisyo.

PAG-A-ADJUST NG SWR

Ang Standing wave ratio (SWR) ay isang teknikal na termino para sa proseso na sumusuri kung gaano kahusay na naitugma ang CB transmitter at antenna. Kapag napansing mahina ang resepsyon o transmisyong ng CB, dapat itsek ang SWR.

Upang itsek ang SWR, kinakailangan ang isang SWR na metro o tulay. Maaaring magkaroon ang isang dealer ng Harley-Davidson ng SWR na metro at mga nararapat na adapter, o maaari ka nitong idirekta sa isang pagawaan ng CB para sa pagsusuri ng SWR.

Dahil magkakaiba ang mga proseso ng pagpapagana ng mga SWR na metro, tiyaking maingat na sinusunod ang mga tagubilin sa pagpapagana ng SWR na metro.

OPERASYON

Tingnan ang manwal ng may-ari ng BOOM! BOX para sa mga tagubilin sa pagpapagana. Tingnan ang Harley-Davidson.com para mabasa ang manwal ng may-ari online.